## Kabanata 13:
## TIWALA

BINAGTAS NA NINA Iska, Kiko at Kenette ang hagdan pababa ng Taktak. Pagdating nila sa pinakababa, pinagmasdan nila nang maigi ang pinanggagalingan ng tubig sa Taktak. Dumadaloy ito pababa, umaagos ito na parang ilog palabas pa sa mga kalupaan sa bundok na bahagi ng Antipolo. Patuloy ang daloy nito. Malinis ang amoy ng tubig subalit may amoy pa rin na hindi kanais-nais.

"Anong ginagawa mo rito?" tanong ni Iska sa kasama na kanina pa sumusunod sa kaniya.

Pinag-aralan ni Kenneth sa paligid. Malamig pa rin ang pakikitungo nito kay Iska na mukhang napilitan lang sumama sa kaniya. "Wala akong tiwala sa 'yo. Baka ibang lugar lang ang mapuntahan mo."

Gustong itulak ni Iska ang kasama pero hindi niya maiwasang matuwa dahil hindi siya nag-iisa sa tila isang *horror cave* na papasukin nila. Baka naman kasi *concerned* si Kenneth sa kaniya. Excuse lang iyong walang tiwala.

"Nakikita mo ang tubig na 'yan? Papasok tayo sa likod niyan," turo ni Kenneth. Akala ni Iska, siya na ang bida, pero may isang mayabang at malamig na binata siyang kasama. Wala yata siyang magagawa kundi isama ito sa misyon niya.

"Alam ko," palusot ni Iska dahil lumiliwanag ang kuwintas niya na tila alam ang kailangang puntahan. Doon sana siya pupunta kung hindi siya hinarang ng mga nilalang na iyon.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 114 11/20/2024 8:07:09 AM

Tumawid sila sa tulay. Sa tulay na iyon, diniretso nila ang isang mahabang daan. Ito ang nagdala sa kanila sa likod mismo ng Hinulugang Taktak na mukhang hindi na nadadaanan ng mga normal na tao.

Sa likod ng maliit na talon na iyon, pumasok sila. Hawig ito sa nakitang talon ni Iska sa Hiraya, ang kaibahan lamang, marumi ang tubig sa Huklob. Pulos ito bula. Mukhang galing din sa mga taong nakapaligid rito ang duming iyon. Mabaho ang singaw ng tubig, lalo na kapag humahangin, tila naninirahan ang masangsang na amoy sa ilong ni Iska.

"Sa madidilim at marurumi nagtatago ang masasamang nilalang," sabi ni Kenneth. "Dahil sa amoy rito, napakahirap nilang hanapin at pasukin."

Tinakpan ni Iska ang ilong, ganoon din naman ang ginawa ni Kiko. Nasa harap ni Iska si Kenneth, nauunang naglalakad habang hawak ang mga haligi ng kuwebang pinasukan nila.

Sa hindi malamang dahilan, kitang-kita ni Iska maski ang pinakamaliit na bato sa kuwebang pinasok nila. Humawak si Kenneth sa balikat ni Iska, hinayaan nitong maunang maglakad si Iska dahil sa angkin nitong kakayahan gamit ang kuwintas na suot. Nagliwanag ang araw na isa sa palamuti sa kuwintas na bigay ni Mommy Jo sa kaniya.

"Wala ka bang makita? Ang duwag mo naman," sambit ni Iska habang iniaalis ang pagkakahawak ni Kenneth sa balikat nito.

"Puwede ba. Sadyang madilim lang talaga sa kuwebang ito. Diretso mo lang ang tingin mo, mahal na prinsesa, dahil baka mamaya mahulog na lang tayo sa patibong ng mga taga-Huklob," pangungutya na naman ni Kenneth.

Pero sa isip ni Iska, baka siya na ang mahulog kay Kenneth.

Ibinalik ni Iska ang atensiyon sa paglalakad sa napakahabang lagusan na walang makikitang kahit ano kundi mga kulay-abong haligi ng kuweba.

Ito na ang pinakamahabang paglalakad ni Iska sa isang lagusan. Nang matapos nilang lakarin ang daang iyon, nagpahinga sila sandali sa ilalim ng puno ng balete. Kung mayroong puno ng tipolo sa mundo ng Hiraya, mapapansin naman ang nagsisilakihang puno ng balete sa lugar na iyon.

Sa pagkakatanda ni Iska, may isang balete sa kalsada bago ang Sumulong Highway. Sinabi sa kaniya ni Lola Da na hindi maalis-alis ang punong iyon dahil noong sinubukan raw itong putulan ng sanga, marami raw nangyaring aksidente sa lugar. Kaya naman, nilaktawan ng mga manggagawa ang punong iyon. Sa laki ng puno ng balete, naging rotonda



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 115 11/20/2024 8:07:09 AM

ito sa gitna ng kalsada. Kung titingnang maigi ang puno, tila may isang buong komunidad ang nakatira sa loob nito.

Hindi kaya lagusan din ang punong iyon patungo sa Huklob?

"Ito na ba ang Huklob?" tanong ni Iska.

Tumango si Kenneth. "Ano pa nga ba."

Punong-puno ng balete ang lugar. Tila isa itong mundong para sa mga ganitong klaseng puno. Walang araw o anumang pinanggagalingan ng liwanag sa mundong ito. Tanging sa kuwintas lamang ni Iska nagmumula ang liwanag. Pakiramdam ni Iska, pumasok sila sa isang *horror cave* na dinaraanan ng *horror train*. Nakakapangilabot ang pakiramdam sa lugar na ito.

Wala silang ibang makita ni Kenneth at Kiko kundi ang naglalakihang puno ng balete. Ayon sa mga balita, tuwing November 1, laging ipinagpapalagay na nakakatakot ang punong ito. Madalas din ipalabas sa telebisyon na ito ang dahilan ng ilang aksidente sa Balete Drive. Kung tao lang ang balete, *unfair* talaga sa kaniya na bigyan siya ng ganitong *judgment* ng mundo. Pero puno lang ang balete. Kung nakakapagsalita lang ang mga puno ng balete, tiyak na magrereklamo ito.

Mayamaya, tumayo na rin sina Iska at Kenneth. Inalok ng binata si Iska na tumayo at magpatuloy sa paglalakad pero tinanggihan ni Iska ang tulong na ito. Tumayong mag-isa si Iska. Pinagpag ang alikabok sa kaniyang blusa at hinanap ang sunod na kailangang puntahan.

Nagpatuloy si Iska sa paglalakad habang si Kenneth naman ay tahimik na nakasunod sa kaniya. Nagliwanag ang araw na palawit sa kuwintas ni Iska. Lumulutang ito na para bang itinuturo ang dapat daanan ng dalawa.

"Sundan natin ang kuwintas," sabi ni Iska. Pakiramdam niya, ito ang pinakatamang ginawa niya sa buhay. Unti-unti niya nang niyayakap ang kaniyang misyon. Noong una, kinakabahan pa siya pero pakiramdam niya, tuwing umiilaw ang kuwintas, may pag-asa na makita nila ang kampana upang gumaling agad ang kaniyang mga mahal sa buhay.

Habang naglalakad, naramdaman ni Iska na parang may sumusunod sa kanila.

Tumingin siya sa likuran, sa puno ng balete.

"Hindi ako nagkakamali. May sumusunod sa atin," sabi ni Iska.

Tumugon naman si Kenneth. "Akala ko ako lang ang nakakapansin."

Nilingon uli ni Iska ang pinanggalingang balete. Hindi nagtagal. Nakita nila ang isang matandang babae na may mahabang buhok at masangsang na amoy na lumitaw sa harap nila.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 116 11/20/2024 8:07:09 AM

Hinawakan ni Iska ang palaso, kung sakaling kailangan pa nito. Samantala, pumuwesto naman si Kenneth na tila may buhay na tatapusin. Si Kiko naman, nagtago lang sa mahabang sumbrero nito.

Nagdikit ang likod ng dalawa habang hinihintay ang pagdating ng kalaban. Isa lang ang sigurado nina Iska at Kenneth. Handa sila sa kalabang haharapin nila.

Nabigla ang dalawa na ang kaninang matandang babaeng masangsang ang amoy ay nag-anyong sigbin. Sa isang iglap, naging tatlo ang sigbin sa harap nila. Hindi agad tumatama ang palaso ni Iska sa sigbin. Napakabilis kumilos ng mga ito.

Hindi rin naman makabuwelo si Kenneth dahil hindi niya makita sa dilim ang sigbin.

"Takbo!" Ito ang sigaw ni Kenneth kay Iska nang maramdaman nilang hindi sila tatantanan ng mga sigbin sa harap nila.

Pamilyar kay Iska ang eksenang ito. Ang pagtakbo. Ang binata sa tabi. Ang lupang tinatapakan nila. Ilang beses niyang napanaginipan ang eksenang ito.

Tanging ang palawit na araw lamang mula sa kuwintas ni Iska ang nagbibigay ng liwanag sa dinaraanan nila. Patuloy pa rin ang pagtakbo nang mabilis ng mga paa nina Iska at Kenneth.

Hinahabol na nila ang kanilang hininga. Hindi pa rin nila tiyak kung may katapusan pa ang kanilang tinatakbo. Basta, ang kailangan lang nila ay sundan ang itinuturo ng kuwintas ni Iska.

Nagpatuloy sila sa pagtakbo. Laking-gulat niya dahil sa paglukso nila sa ibabaw ng isang punso, napunta sila sa isang panibagong lugar. Mabilis, gaya sa pag-klik ng kompyuter, nagbago ang paligid. Sa kabila nito, hindi nagbago ang wangis ng buwan sa taas nila. Gayundin ang amoy. Alam nilang nasa Huklob pa rin sila. Subalit, habang tumatagal, mas sumusukal ang gubat na tinatakbo nila.

Mayamaya, isang malaking anino ang humarang sa daan nila. Amoy sigarilyo. Ramdam ni Iska ang tibok ng puso dahil sa laki ng nilalang sa harap niya. Ito na nga siguro ang pinakanakakatakot na problemang hinarap niya.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 117 11/20/2024 8:07:09 AM